REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

Tanggapan ng Sangguniang Bayan

KAPASIYAHAN BILANG 92-36

KAPASIYAHAN NA PINAG-AATAS NG SANGGUNIANG BAYAN SA HEPE NG PULISYA AT MGA TAUHAN NG MUNTINLUPA POLICE TRAFFIC DIVISION NA IPATUPAD ANG PAGBABAWAL SA PAGSAKAY (LOADING) AT PAGBABA (UNLOADING) NG MGA PASAHERO SA ILALIM NG KAHABAAN NG ALABANG VIADUCT, AT ANG PAGBIBIGAY NG PAHINTULOT SA PAGSASAKAY AT PAGBABABA LAMANG SA LOOB NG ITINAKDANG BUS TERMINAL DITO ALINSUNOD SA UMIIRAL NA MGA KAPASIYAHAN AT KAUTUSANG BAYAN NA MAY KINALAMAN DITO.

*****************************************************************

Ipinanukala ni: Kgg. Dante S. Almario

*****************************************************************

**SAPAGKAT,** ang suliranin sa trapiko sa ilalim ng kahabaan ng Alabang Viaduct ay lubhang malala na at nakakaperwisyo sa mga tumatahak dito;

**SAPAGKAT,** ang kaginhawahan ng mga pasahero't motorista (mangangalakal, mag-aaral, manggagawa at iba pa) ay nararapat bigyan ng pagsasaalang-alang upang magampanan nito ng maayos at kapaki-pakinabang ang kani-kanilang gawain o paghahanapbuhay;

**SAPAGKAT,** ang Alabang Bus Terminal na itinakdang sakayan at babaan lamang sa ilalim ng Alabang Viaduct ay malaking tulong sa kaluwagan ng trapiko sa lugar na ito bukod sa karagdagang kita sa kabang-yaman ng Pamahalaang Bayan ang maipagkakaloob nito kung ipaiiral ng wasto ang batas-trapiko na nakapaloob at itinatakda ng mga kautusang bayan na may kinalaman dito;

**SAPAGKAT,** ang mga tauhan ng pulisya na sumusuway at di-pagpapahalaga at di-pagtupad sa mga tungkuling dapat gampaman lalong higit sa pagpapatupad ng mga kautusang bayan na nagsasaad ng mga batas-trapiko sa ilalim ng Alabang Viaduct ay papatawan ng kaukulang kaparusahan o kakasuhan ng Sangguniang Bayan alinsunod sa umiiral na batas.

**NGAYON, DAHIL DITO,** ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay napagpasiyahan at muli pang pinagpasiyahan na pagtibayin ang pag-aatas ng Sangguniang Bayan sa Hepe ng Pulisya at mga tauhan ng Muntinlupa Police Trafic Division na ipatupad ang pagbabawal sa pagsakay (loading) at pagbaba (unloading) ng mga pasahero sa ilalim ng kahabaan ng alabang Viaduct, at ang pagbibigay ng pahintulot sa pagsasakay at pagbababa lamang sa loob ng itinakdang bus terminal dito alinsunod sa umiiral na mga kapasiyahan at kautusang bayan na may kinalaman dito.

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

Tanggapan ng Sangguniang Bayan



**PINAGTIBAY NG BUONG PAGKAKAISA** ng Sangguniang Bayan sa kanilang ika-21 regular na pulong na ginanap ngayong ika-21 ng Disyembre, 1992 sa Silid Pulungan, Muntinlupa, Kalakhang Maynila.

PINATOTOHANAN:

MGGL. JAIME R. FRESNEDI
Pang. Punongbayan/Pangulong Opisyal

KGG. ROGER C. SMITH
Konsehal

KGG. RUFINO B. JOAQUIN
Konsehal

KGG. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

KGG. DANTE S. ALMARIO
Konsehal

KGG. ARTURO S. BUNYI
Konsehal

KGG. LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal

KGG. MELCHOR R. TEVES
Konsehal

KGG. REY E. BULAY
Konsehal

KGG. NOLASCO L. DIAZ
Konsehal

KGG. ALEJANDRO L.MARTINEZ
Konsehal

KGG. ERNESTO A. CARUBIO
Konsehal

KGG. REYNALDO A. ABAS,JR.
Konsehal

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

Tanggapan ng Sangguniang Bayan

Pahina - 3 -
Kapasiyahan Bilang 92-36

KGG. VICENTE Y. CHUA
Konsehal
Kinatawan ng Sektor
Pangulo, Samahan ng mga Punong-Barangay

PINATUTUNAYAN:

PETER B. SALONGA
Pambayang Kalihim

PINAGTIBAY:

MGGL. IGNACIO R. BUNYE
Punongbayan